Mga Dapat Alamin Tungkol sa Makati City Risk-Sensitive Urban Redevelopment Planning

Napag-alaman na ang Brgy. Rizal ang isa sa pinaka-maaapektuhang barangay sa Makati sakaling tamaan ng 7.2 Magnitude na lindol ang Metro Manila.

Ano ang "Makati City Risk-Sensitive Urban Redevelopment Planning?"

Ang "Makati City Risk-Sensitive Urban Redevelopment Planning"(Makati-RSURP) ay isang proyekto na naglalayong makabuo ng malinaw at komprehensibong plano sa **pagpapaunlad at pagsasaayos** ng Brgy. Rizal habang isinasaalang-alang ang naka-ambang na panganib dulot ng **lindol**- isang pangunahing kalamidad sa ating bansa na may kakayahang makapinsala ng ari-arian at buhay ng maraming tao.

Bakit kailangang paghandaan ang lindol?

Bagama't walang tiyak na petsa kung kailan ito magaganap, napag-alaman sa pag-aaral ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology (PHIVOLCS), Metro Manila Development Authority (MMDA), at Japan International Cooperation Agency (JICA) na isang malakas na lindol ang maaring maganap sa Metro Manila na may kakayahang makapagdulot ng malaking pinsala sa mga lungsod at munisipyong nasasakupan nito, kabilang na ang Makati. Ang lindol ay pinangangambahan ding magdudulot ng malawakang sunog sa maraming lugar sa Metro Manila.

Ano ang batayan sa pagpili sa Brgy. Rizal bilang *pilot area* ng proyekto?

May apat na batayan na ginamit sa pagpili sa Brgy. Rizal bilang *pilot area* para sa Makati-RSURP. Una, ang *physical risk* o ang panganib na kinakaharap ng isang lugar bunga ng lokasyon nito (halimbawa malapit sa dinadaanan ng lindol) at sa kalagayan ng mga istruktura rito; pangalawa, ang *socio-economic vulnerability* o ang kawalan ng kahandaan sa lindol bunga ng kahirapan, kawalan ng trabaho, salat sa kaalaman, atbp.; pangatlo, ang *coping capacity* o ang kakayahan ng komunidad na mapanumbalik ang dating sigla at kaayusan matapos ang lindol; at pang-apat, ang *redevelopment potential* o ang potensyal ng barangay na maging katuwang ng lokal na pamahalaan para sa isang komprehensibo at kolektibong pagpaplano para sa kaunlaran at kaligtasan ng pamayanan.

Kasama ba sa proyekto ang buong Bgy. Rizal?

Hindi. Bagama't isinasaalang-alang ang kalagayan ng buong barangay, ang mga lugar lamang na higit na mataas ang panganib sa lindol ang unang pagtutuunan ng pansin. Ito ang Zones 7, 8, 9 at 10.

Ano ang posibleng mangyari kapag nagka-lindol at di tayo handa?

Sa Makati, pinangangambahang aabot sa 2,300 katao ang maaaring mamatay at 7,500 katao naman ang maaaring masugatan. Inaasahan ding halos 26,000 na mga gusali at kabahayan ang guguho o kundi ma'y mapipinsala nang husto bunga ng pagyanig ng lupa. Hindi pa kasama rito ang pagkasunong ng karagdagang 2,000 na mga gusali, na maaaring magresulta sa pagkamatay ng 700 pang katao. Bunga ng pagkasira ng mga kabahayan, inaasahang 156,000 na residente ang mawawalan ng tirahan.

LUNGSOD NG MAKATI PILIPINAS 1995
BARANGAY RIZAL CITY OF MAKATI
EMI
DOST PHIVOLCS
DKKV Deutsches Komitee Katastrophenvorsorge e.V. German Committee for Disaster Reduction
Federal Republic of Germany Humanitarian Aid

Ano ang benepisyo ng Makati-RSURP sa mga residente ng Bgy. Rizal?

Makatutulong ang proyekto sa pagkakaroon ng *redevelopment plan* na magbibigay ng direksyon sa pagpapaunlad at pagsusulong ng kabuhayan at pagpapataas ng antas ng pamumuhay ng mga taga-Brgy. Rizal habang isinasa-alangalang ang kaligtasan ng mamayan at ng kanilang ari-arian mula sa peligrong maaaring ihatid ng lindol.

Ang *redevelopment plan* ay tutugon sa mga pangunahing isyu na kinakaharap ng Bgry. Rizal tulad ng mga sumusunod:

- Mga gusali at bahay na nakatayo sa lugar malapit sa *West Valley Fault* at lugar na maaring gumuho o lumubog sakaling lumindol.
- Makipot na mga kalye na maaring maging sagabal sa kagyat na paglikas ng mga tao at mabilis na daloy ng mga *rescuers*, gaya ng bumbero at lider ng mga sona.
- Mataas na bilang ng mga pamilya na mahihirapang makabawi matapos ang lindol dahil sa kawalan ng sapat na kabuhayan, kawalan ng hanapbuhay, at kawalan ng ari-arian.
- Mataas na bilang ng populasyon, kabilang na ang mga bata, matatanda, at mga may kapansanan na walang sapat na kakayahan upang iligtas ang sarili sa oras ng kalamidad.

Paano naman ang ibang barangay sa Makati na maapektuhan din ng lindol?

Ang unang paglulunsad ng proyekto sa Brgy. Rizal ay magsisilbing halimbawa, hindi lamang sa ibang barangay sa Makati kundi maging sa buong bansa, kung paano magsagawa ng isang komprehensibong pagpaplano at pagsasaayos ng pamayanan na isinasa-alangalang ang naka-ambang na panganib ng mga kalamidad tulad ng lindol.

Paano ba makilahok sa proyekto?

Maraming paraan upang makilahok sa mga gawain ng proyekto. Makiisa sa mga pagpupulong at pagpaplano na isinasagawa ng Pamahalaang Pambaranggay ng Rizal at ng Pamahalaang Lungsod ng Makati. Maari din kayong magpunta sa bulwagang pambaranggay upang sumangguni ng personal tungkol sa mga isyung may kinalaman sa proyekto.

Matitiyak natin ang kaligtasan ng ating pamayanan kung tayong lahat ay mulat ang kaisipan at nakikiisa sa mga gawaing ito ng ating pamahalaan! May magagawa tayo sa kasalukuyan upang maging ligtas at maunlad ang ating pamayanan sa hinaharap!

Para sa karagdagang impormasyon,bisitahin ang website ng EMI (www.emi-megacities.org) o di kaya ay kontakin ang Barangay o City Hall.

Hon. Hilario Lorico
Kapitan
Brgy. Rizal, Lungsod ng Makati
Email: larylorico@gmail.com
Tel. No. 02-729-1995

Mr. Anthony Xenon L. Walde
Overall Project Coordinator
Urban Development Department
Makati City Hall
Email: waldeaxl@makati.gov.ph
Tel. No. 02-870-1739

Ang Makati-Risk Sensitive Urban Redevelopment Planning ay inilunsad ng Pamahalaang Lungsod ng Makati noong taong 2007 sa pakikipagtulungan ng Pamunuan ng Bgy. Rizal, PHIVOLCS, EMI, German Federal Foreign Office (FFO) at German Disaster Reduction Committee (DKKV).